## Pagkontrol ng Peste at Sakit

Bombahan ng pamatay insekto ang mga insekto tulad ng bean fly, apaya o aphids at mga uod. Bombahan naman ng fungicide ang mga halaman na may sakit tulad ng rust, fusarium wilt at mosaic virus.

## Pag-aani

**Para sa gulay** – ang sariwang bunga ay pwede ng maani ng 10-12 na araw pagkatapos ng polinasyon. Mas napapahaba ang buhay ng sitaw at maraming magiging ani kung ang pagpuputi ay nasa tamang gulang.

**Para sa buto** – ang mga tuyong bunga ay pwede ng anihin 20 araw pagkatapos ng polinasyon.

## Pagbibinhi

- Hayaang maging magulang ang mga buto sa bunga.
- Patuyuin ng mabuti ang bunga sa ilalim ng araw.
- Kapag tuyo na, tanggalin ang mga buto sa loob ng bunga sa pamamagitan ng pagkiskis o pagbiyak nito sa kamay.Ingatang hindi madurog ang mga buto.
- Patuyuin ang mga buto sa ilalim ng araw ng 4-5 na araw.
- Bago itabi/ itago ang mga buto, siguraduhin na ang moisture content ay 10%.
- Itabi ang mga buto sa garapon, lata o plastic container at takipan nang mahigpit.




Inihanda nina:
**Flora A. Jarilla** / Supervising Agriculturist
**Mercedes L. Dela Cueva** / Agriculturist II
**Eugenia M. Buctuanon** / Agriculturist II
**Netnet B. Deseo** / Project Assistant III

Base sa reference guide na ginawa ni:
**Niña R. Rosales** / Agriculturist II



Mula sa Proyektong pinondohan ng:
**Department of Agriculture**
**Bureau of Agricultural Research**

Support to Quality Seed Production of Field and Vegetable Legumes through Promotion of National Seed Industry Council (NSIC) Varieties in CALABARZON



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat kay:

**HERMINIGILDA A. GABERTAN, Ph.D.**
***Agricultural Center Chief IV***
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
**Bureau of Plant Industry**
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center


# GABAY SA PAGTATANIM NG SITAW



# ANG SITAW

## Kahalagahan

Ang sitaw ay isang mahalagang gulay sa mga bansang Asyano tulad ng Malaysia, Thailand, Indonesia at maging dito sa Pilipinas. Itinuturing din ito bilang isa sa pinakamahalagang gulay sa ilang bahagi ng bansang Taiwan at China.

Sa Pilipinas, kahit maraming uri ng kinakaing gulay na legumbre, ang gulay na sitaw ang siyang pinaka popular na itanim ng mga magsasaka dahil ang bunga, talbos at maging ang mga buto nito ay pwedeng magamit ng buong taon. Ito ay pwede ring itanim sa likod bahay, sa mga pilapil sa paligid ng palayan at sa mga malilim na lugar bilang companion crop o komersyal crop.

## Gamit

Ang murang bunga ng sitaw ang niluluto at kinakain at pwede ring half-cook lang ang pagkakaluto. Ito ay maganda ring supplement na pagkain para sa mga beybi kahit na lutuin ng solo o pwede rin namang ihalo sa ibang gulay. Ang murang dahon at talbos at pinasibol na mga buto ay pwede rin na magamit na gulay. Ang sitaw ay magandang pagkunan ng plant protein, Vitamin A, iron, phosphorous, potassium at Vitamin C.

## Rekomendadong Barayti

- BPI Ps3 (Maagap 1)
- BPI Ps4 (Maagap 2)
- PSB Ps2
- NSIC Ps4 (Hitik)
- NSIC Ps5 (Rikit)
- NSIC 2020 Ps 07 (Hitik #2)
- NSIC 2020 Ps 08 (Hitik #3)
- NSIC 2020 Ps 09 (Hitik#4)




Ang mga barayti na ito nirekomenda dahil sa maagang pamumulaklak at pamumunga, mataas na resistensya sa mga insekto at mga sakit at mataas na ani umaabot mula 8.54 hanggang 12.77 tonelada/ ektarya.

# PAGTATANIM AT PAG-AALAGA

## Paghahanda ng lupang tataniman

Araruhin at suyurin ang lupang tataniman ng 2-3 beses. May dalawang klase ng pagtutudling ang pwedeng gawin para sa pagtatanim ng sitaw. Ang una ay ang 1.0 metrong pagitan bawat tudling kung ang gagawin ay single row trellis. Ang ikalawa naman ay 0.75 metro kung ang gagawin ay A-type trellis.



## Pagtatanim

- Optimum Density - Ang rekomendadong dami ng buto para sa 1 ektaryang lupa ay 8-10 kg. Maglagay ng 2-3 buto sa bawat butas na mayroong distanya na 1 metro sa pagitan ng mga tudling at 30 sentimetro sa bawat butas.
- High Density - Magbudbod ng 15-20 buto/linear meter sa tudling na may pagitan na 0.75 metro. Ang rekomendadong dami ng buto para sa 1 ektaryang lupa ay 10-12 kg.

## Paglalagay ng abono

Maglagay ng basal fertilizer na complete fertilizer (14-14-114) sa daming 3-5 sako. Mag side dress ng 1-2 sako ng urea (46-0-0) at muriate of potash (0-0-60) bago mamulaklak ang mga tanim na sitaw.

## Pag-aalis ng damo at Paglilinang

- Ang pagtatastas at pagtatabon ng lupa ay kailangang gawin bago magsimulang umakyat o pagkatapos ng 14 na araw pagkatapos na sumibol ang mga halamang sitaw.
- Ang paggagamas o pag aalis ng mga damo ay dapat gawin ng madalas kahit na tapos na ang pamumulaklak.



## Paglalagay ng tulos

Maglagay ng mga tulos 14 araw pagkatapos sumibol ng mga buto. Ang vertical na pagtutulos ay ginagawa sa isahang tudling at ang A-type na pagtutulos ay ginagawa sa dobleng tudling.

